


1 . Edukasyon sa JapanSchool

(1) Sistema ng Edukasyon

Chart ng sistema ng edukasyon sa Japan



Edukasyon bago magsimulang pumasok sa paaralan

- Ang mga batang nasa edad na 3 taon hanggang bago pumasok ng elementarya ay maaaring makatanggp ng edukasyon sa kindergarten.
 - ※ Makipag-ugnayan sa Municipal Board of Education kung may bakanteng pre-school sa lugar. (Ang tinatawag na pre-school ay isang classroom kung saan pinaghahanda ang mga dayuhang bata tungkol sa kultura ng paaralan at pag-aaral sa bansang Japan bago ito magsimulang pumasok sa elementarya.

PANAHAON PARA SA OBLIGADONG EDUKASYON

- Ang elementarya ay para sa mga batang tumuntong sa edad na 6 taon sa oras na magsimula ang klase sa buwan ng Abril at sila ay tatanggap ng 6 na taong edukasyon.
- Ang junior high school ay para sa mga batang nagtapos ng elementarya at magpapatuloy ng 3 taong edukasyon dito.
- Ang obligadong edukasyon ay binubuo ng 6 na taon sa elementarya at 3 taon sa junior high school na may kabuuang 9 na taong pag-aaral.

PAGKATAPOS NG JUNIOR HIGH SCHOOL

- Kausapin ang anak tungkol sa kursong nais pag-aralan pagkatapos mag-graduate sa junior high school.
- Sa mga nais magpatuloy ng pag-aaral sa senior high school, kinakailangan kumuha ng entrance examination para makapasok sa senior high school.

(2) Nilalaman ng Edukasyon

CURRICULUM

Ang paaralan ang nagpapasya kung anong curriculum ang ituturo base sa itinakdang alituntunin ng Ministry of Education. Ang pagtuturo ay isinasagawa sa wikang Hapon.

TEXTBOOK

Ang libro sa elementarya at junior high school sa lahat ng paaralan maging sa special needs education sa elementarya at junior high school ay libreng ipinapamahagi ng pamahalaan. Hindi libre ang libro sa senior high school at secondary education (latter curriculum).

- ※ Ang ibang materyales sa pag-aaral ay kailangang bayaran.



Pamphlet tungkol sa pagpasok sa paaralan

【タガログ語版】

NILALAMAN NG PAG-AARAL

ELEMENTARYA

Grade 1 Grade 2	<ul style="list-style-type: none"> • Japanese (Kokugo) • Math (Sansuu) • Pamumuhay (Seikatsu) 	<ul style="list-style-type: none"> • Music (Ongaku) • Art and Handicraft (Zuko) • Physical Education (Taiiku) 	<ul style="list-style-type: none"> • Moral education (Doutoku) • Special activity
Grade 3 Grade 4	<ul style="list-style-type: none"> • Japanese • Araling Panlipunan (Shakai) • Math • Science (Rika) 	<ul style="list-style-type: none"> • Music • Art and Handicraft • Physical Education 	<ul style="list-style-type: none"> • Moral education • English • Integrated study • Espesyal na aktibidad
Grade 5 Grade 6	<ul style="list-style-type: none"> • Japanese • Araling Panlipunan (Shakai) • Math • Science 	<ul style="list-style-type: none"> • Music • Art and Handicraft • Home Economics • Physical Education 	<ul style="list-style-type: none"> • Moral education • Foreign Language Activity • Integrated Study Time • Espesyal na aktibidad

JUNIOR HIGH SCHOOL

1st year 2nd year 3rd year	<ul style="list-style-type: none"> • Japanese • Araling Panlipunan (Shakai) • Math • Science 	<ul style="list-style-type: none"> • Music • Art • Health and PE • Home Economics & Technology 	<ul style="list-style-type: none"> • English • Moral Education • Integrated Study Time • Espesyal na aktibidad
----------------------------------	--	--	--

SENIOR HIGH SCHOOL

<ul style="list-style-type: none"> • Japanese • Geography at History • Sibika (Koumin) • Math 	<ul style="list-style-type: none"> • Science • Health & PE • Art • English 	<ul style="list-style-type: none"> • Information • Home Economics • Integrated Study Time • Espesyal na aktibidad 	<p>Ang ibang paaralan ay nagtuturo ng advance subjects sa mga major course.</p>
---	--	---	---

SPECIAL NEEDS EDUCATION

Ang paaralan sa special needs education ay nagbibigay ng angkop na edukasyon para sa kindergarten, elementarya, junior high school at senior high school kaakibat ang espesyal na guidance course na kung tawagin ay "self-reliance activity" para mapabuti at malampasan ng mga bata ang hirap sa pag-aaral. Maaari ding maghanda ng iba pang educational curriculum na angkop sa abilidad ng bata.

TULONG PINANSYAL

Ang matrikula ay libre sa pampublikong paaralan sa elementarya at junior high school at maging sa special needs education at secondary education.


Sakaling mahirapan ang magulang magpaaral sa pampublikong elementarya at junior high school dahil kapus sa pinansyal, maaring makatanggap ng tulong pambili ng mga gamit at bayad sa school lunch pagkatapos na maaprubahan ng Board of Education.

Makipag-ugnayan sa Board of Education para sa detalye.



2 . Proseso ng Pagpasok sa Paaralan

(1) Elementarya at Junior High School



Kakausapin ng paaralan ang magulang o tagapag-alaga tungkol sa mga sumusunod na bagay upang maseguro ang maayos at makabuluhang pamumuhay ng bata sa paaralan.

MGA BAGAY TUNGKOL SA BATA (halimbawa)

Pangalan ng bata (spelling at palayaw) Kasarian Kaarawan Nasyonalidad
 Araw ng pagdating sa Japan Habang pananatili sa Japan Planong pananatili sa Japan
 Educational History Grado sa sariling bansa Kakayahan sa wikang Japanese Estado ng kalusugan
 (naging karamdaman, allergy at iba pa) Paraan ng pagpasok sa paaralan at mga bagay nan ais ipagbilin sa paaralan.

MGA BAGAY TUNGKOL SA PAMILYA (halimbawa)

- Pangalan ng miyembro ng pamilya • Kasalukuyang tirahan
- Contact number (sa oras ng emergency, saan nagtatrabaho at iba pa)
- Abilidad ng pamilya na magsalita ng Japanese • Kailangan ng interpreter
- Saloobin tungkol sa edukasyon ng bata
- Mga hiling sa paaralan at kursong gusto para sa anak




Pamphlet tungkol sa pagpasok sa paaralan

【タガログ語版】

(2) Proseso ng Paglipat ng Paaralan sa Loob ng Bansa

Kung kinakailangan lumipat ng paaralan dahil lilipat ng tirahan, ang mga sumusunod na hakbang ay kailangang gawin.



Ang Board of Education at ang paaralan ay nakikipagtulungan sa iba pang munisipyo para maging madali ang proseso ng paglipat ng paaralan.

Kung nagbabalik lumipat ng paaralan, siguraduhing kumunsulta muna sa paaralan o sa Board of Education.

Kung babalik sa sariling bansa at iba pang bagay.

Kung nagbabalik bumalik sa sariling bansa, kumunsulta ng mas maaga sa paaralan o sa Board of Education.



3 . Pamumuhay sa paaralan (Elementarya at Junior High School)

(1) Ang isang araw sa paaralan

Ang bilang ng klase sa loob ng isang araw ay magkakaiba depende sa araw at year level. Patakaran na walang pasok tuwing Sabado at Linggo.

Kung ang mga aktibidad katulad ng sports festivals at class visits ay natapat sa araw ng Sabado o Linggo, walang pasok ang susunod na ordinaryong araw. I to ay bilang kapalit na araw.

(Halimbawa)

Pulong sa umaga	<ul style="list-style-type: none"> Inaalam ang kondisyon ng kalusugan at nagbibigay ng mensahe ang guro.
1st period	<ul style="list-style-type: none"> Ang oras sa bawat subject ay 45 minuto sa elementarya at 50 minuto sa junior high school. Sa elementarya, ang teacher-in-charge ang pangunahing nagtuturo ng halos lahat na subject. Sa junior high school, ang guro ay nag-iiba ayon sa subject.
2nd period	
3rd period	
4th period	<p>Karamihan sa mga paaralan sa elementarya at junior high school ay may school lunch bilang bahagi ng aktibidad sa edukasyon ng paaralan. Ang mga estudyante ang pangunahing naghahanda at nagliligpit ng pagkain sa tanghalian.</p> <p>Ang magulang o tagapag-alaga ang magbabayad ng school lunch.</p> <ul style="list-style-type: none"> Kumunsulta sa paaralan kapag may pagkaing bawal kainin dahil sa kondisyon ng kalusugan o dahil sa relihiyon.
School lunch	
5th period	<ul style="list-style-type: none"> Mayroon din klase sa hapon. Ang iskedyul ay nagbabago depende sa araw at antas.
6th period	<ul style="list-style-type: none"> Sa paaralan ng Japan, ang mga estudyante ay naghahati-hati sa responsibilidad ng paglilinis ng kanilang silid-aralan at iba pa.
Aktibidad sa paglilinis	
Pulong bago mag-uwian	<ul style="list-style-type: none"> Sinusuri ang buong araw at kinukumpirma ang iskedyul para sa susunod na araw.

○ Club activity

Sa junior at senior high school, may masasalihang sports o cultural club activity pagkatapos ng klase.

(2) Ang buong taon sa paaralan

Ang paaralan sa Japan ay nagsisimula ng Abril at natatapos ng Marso.

Karamihan sa mga paaralan ay nahahati sa 2 o 3 semesters.

SCHOOL EVENTS PARA SA LAHAT NG YEAR LEVEL

- Pagbisita sa klase/Class Meeting

Ang magulang ay pupunta sa paaralan para panoorin ang bata sa klase at obserbahan ang pamumuhay ng mga estudyante. Bukod dito, ang magulang at paaralan ay nagpapalitan ng impormasyon tungkol sa pamumuhay ng bata sa paaralan at sa loob ng tahanan.

- Sports Festival o Sports Tournament (Undoukai/Taiiku taikai)

Ang undokai o sports festival ay isang school event para ma-enjoy ng mga bata ang sports katulad ng pagtakbo sa maikling distansya, relay at dance performance habang ang mga kaklase ay nagtsi-cheer at pinapalakas ang loob ng bawat isa.

- Culture Festival (Bunkasai)

Ang Bunkasai ay isang school event kung saan pinamamalas ng bata sa exhibit ang mga ginawang project o report, nagpapamalas din sila ng galing sa musical instruments, choral competition at stage play.



Pamphlet tungkol sa pagpasok sa paaralan

【タガログ語版】

SCHOOL ACTIVITIES NA MAYROON SA BAWAT YEAR LEVEL

- **School Trip (Shuugaku Ryoko)**
Ito ay field trip para sa mga estudyanteng nasa pinakamataas na year level at sila ay mananatili ng over-night para sa educational trip.
- **Field Trip at Pag-aaral sa Labas ng Paaralan (Ensoku/Kougai gakushuu)**
Ang mga estudyante ay lalabas ng paaralan para magkaroon ng karanasan at maobserbahan ang mga aktibidad sa labas nito.
- **Karanasan sa pagtatrabaho ng junior high school**
Ito ay pangunahing isinasagawa ng mga estudyanteng nasa 2nd-year junior high school. Ang mga estudyante ay lalabas ng paaralan para subukang magtrabaho sa ibat ibang tindahan, tanggapan at iba pang lugar).

Ang mga sumusunod ay ang mga pangunahing aktibidad sa paaralaran bawat semester.

Ang uri ng aktibidad at panahon kung kailan ito isinasagawa ay base sa rehiyon at paaralan.

(Halimbawa)

Abril	Unang semestre	Unang termino	○ Entrance ceremony (Abril) Ito ay isang pagdiriwang ng pagpasok ng mga bata sa paaralan. Dumadalo din ang mga magulang ng grade 1.
Mayo			○ Opening ceremony (Abril) Ito ay seremonya sa pagsisimula ng semestre. Mayroon din sa ika-2 semestre (Setyembre), Ika-3 semestre (Enero)
Hunyo			○ Body measurement - Regular medical check-up (Abril~Hunyo) Sinusukat ang taas at timbang ng mga mag-aaral. Sinusuri din ang grado ng mata at iba pa. Ang medikal na pagsusuri ay isinasagawa din ng doktor.
Hulyo			○ Closing ceremony (Hulyo) Ito ay seremonya sa pagtatapos ng semestre. Mayroon din sa ika-2 semestre (Disyembre).
Agosto	Ikalawang semestre	Ikalawang termino	○ Bakasyon sa tag-init (simula katapusan ng Hulyo ~ katapusan ng Agosto) Mahigit kumulang sa 30 ~ 40 araw na bakasyon. (Nag-iiba ang bilang ng araw depende sa rehiyon)
Setyembre			○ Opening ceremony (Setyembre)
Oktubre			○ Sports festival - Athletic meet (Setyembre)
Nobyembre			○ Culture festival (Nobyembre)
Disyembre	Ikatlong semestre	Ikalawang termino	○ Closing ceremony (Disyembre)
			○ Bakasyon sa taglamig (huling linggo ng Disyembre ~ unang linggo ng Enero) 2 linggong bakasyon. (Maaaring magkakaiba ang bilang ng bakasyon depende sa lugar)
Enero			○ Opening ceremony (Enero)
Pebrero			○ Graduation ceremony (Marso) Ito ay isang pagdiriwang sa pagtatapos ng mga mag-aaral na nasa pinakamataas na antas
Marso			○ School year closing ceremony (Marso) Ito ang huling seremonya sa ika-3 semestre at pagsasara ng buong taon.
			○ Bakasyon sa panahon ng tagsibol (huling linggo ng Marso ~ unang linggo ng Abril) Pagkatapos ng bakasyong ito ay ang pag-akyat sa susunod na year level.

(3) Regulasyon at patakaran sa paaralan

- Karamihan ng mga paaralan ay ipinagbabawal ang paglalagay ng kulay sa kuko, pagsusuot ng hikaw at iba pang bagay o accessories kapag papasok sa paaralan. Bukod dito, ipinagbabawal din ang pagdadala ng pagkain sa loob ng paaralan.
- Pinapahalagahan ng lipunan ng Japan at ng paaralan ang pagtupad sa tamang oras.
- Sa paaralan ng Japan, ang mga estudyante ay naghahati-hati sa responsibilidad sa paglilinis ng silid aralan at sa paligid ng paaralan.



Pamphlet tungkol sa pagpasok sa paaralan

【タガログ語版】

(4) Pagbibigay ng Marka o Grado

Ang marka sa academic subject at estado ng pamumuhay sa paaralan ay ipinapaalam sa magulang sa pamamagitan ng pagbibigay ng school report card tuwing katapusan ng bawat semester.

(5) Kalusugan at Kaligtasan

SCHOOL CLINIC (HOKEN SHITSU)

Kapag nagkasakit o nasugatan ang estudyante, ang school clinic ang nagbibigay ng paunang lunas at sila rin ang nakikipag-ugnayan sa hospital o sa magulang kung kinakailangan. Dito din isinasagawa ang health check at gabay at konsultasyon para sa kalusugan.

REGULAR NA PAGSUSURI NG KALUSUGAN (TEIKI KENKOU SHINDAN)

Ang paaralan ay nagsasagawa ng regular na pagsusuri para ma-monitor ang kalusugan ng mga bata bilang pagsunod sa batas. At base sa naging resulta, sila rin ang nagbibigay ng rekomendasyon para magpagamot at magbigay ng gabay para sa kalusugan.

(6) Pagtutulongan ng paaralan at tahanan

May asosasyon ng magulang at paaralan na kung tawagin ay PTA at sila ay nagtutulongan para masuportahang ng maayos ang edukasyon ng mga estudyante sa paaralan.

Ang magulang at guro ay nagtutulongan sa pagsasagawa ng mga aktibidad katulad ng karanasan na magkasama ang magulang at anak sa activity ng paaralan o paggagabay sa mga bata para maging ligtas ang kanilang pagpasok at pag-uwi mula sa paaralan.

(7) Mga babayaran sa paaralan

Libre ang matrikula at libro sa pampublikong paaralan sa elementarya at junior high school subalit may kailangang bayaran katulad ng mga sumusunod:

HALIMBAWA NG BABAYARIN

- Class expenses (Gakunenhi) : school materials na gagamitin ng estudyante
- School lunch fee (Kyuusyokuhi) : Bayad sa pagkain sa tanghalian.
- Travel savings (Tsumitatehi) : Halagang iniipon para sa school trip.
- PTA fee (PTA Kaihi) : Gastos para sa aktibidad ng guro at magulang

(8) Mga bagay na dapat tandaan

ABI SO TUNGKOL SA PAGLIBAN SA KLASE, LATE NA PAGPASOK AT PAG-UWI NG MAAGA

- Kung hindi makakapasok sa paaralan o mahuhuli sa pagpasok, siguraduhing magsabi sa guro.
- Kung patuloy na hindi makakapasok sa paaralan, siguraduhing magsabi sa guro araw araw.
- Kung maagang uwi dahil may sapat na rason katulad ng kailangang magpunta sa hospital, siguraduhing magsabi sa guro .

BAWAL PUMASOK SA PAARALAN

- Kung ang bata ay nagkaroon ng nakakahawang sakit base sa nakasaad sa Batas ng Kalusugan, bawal itong papasukin sa paaralan. Ipaalam kaagad sa paaralan sa oras na matanggap ang diagnos ng doktor.

SA PAGPASOK SA PAARALAN

- Karamihan ng paaralan sa elementarya ay may patakaran na ang mga batang nakatira sa parehong distrito ay magkakasabay na papasok at dadaan sa mga kalsadang itinalaga ng paaralan para maseguro ang kanilang kaligtasan.



4 . Konsultasyon sa Edukasyon

(1) Pagbibigay ng payo tungkol sa edukasyon

Sa mga paaralan sa Japan binibigyan ng pagkakataon ang mga magulang o tagapag-alaga na makausap ang guro tungkol sa edukasyon ng bata. I sa itong magandang pagkakataon para pag-usapan kung may problema ang bata sa pamumuhay sa paaralan katulad ng bully, ayaw pumasok sa paaralan at iba pang problema. Kung kakailanganin, maaari din kumunsulta na may kasamang interpreter.

PAGBISITA SA BAHAY (KATEI HOUMON)

Ang guro ay bumibisita sa bahay ng estudyante para pag-usapan ang pamumuhay ng bata sa paaralan at sa tahanan. May ilang paaralan na hindi nagsasagawa ng pagbisita sa paaralan.

MEETING NG MAGULANG AT GURO (HOGOSHA KAI)

Ang magulang o tagapag-alaga ay magpupunta sa paaralan para pakinggan ang mensahe ng prinsipal o makipag-usap sa guro ng bata. Ang paksa ng pag-uusap ay hindi nakatuon sa personal na konsultasyon kundi nakapokus ito sa mga isyu na may kaugnayan sa sitwasyon ng buong estudyante sa paaralan.

PERSONAL NA PANAYAM (KOJIN MENDAN)

I to ay pangkaraniwang konsultasyon sa pagitan ng estudyante, magulang at guro. Pagkakataon ito para pag-usapan ang mga personal na problema at alalahanin tungkol sa bata. Gaganapin ito sa itinakdang petsa at oras at ipapaalam ito ng guro sa magulang ng mas maaga.

(2) Iba pang Lugar na Maaaring Magkonsulta Tungkol Sa Edukasyon Maliban sa Paaralan

KONSULTATIONS PARA SA MGA BANYAGA

- Konsultasyon tungkol sa edukasyon sa wikang Portuges
Lugar: Mie Prefectural Board of Education Elementary and Junior High School Division
Konsultasyon sa telepono: 059-224-3150
Mula Lunes hanggang Biyernes simula 9:00 ~ 14:00 (maliban kung holidays)
- Mie Consultation Center for Foreign Residents (MieCo)
Lugar: Mie International Exchange Foundation
Serbisyong tumatanggap ng konsultasyon sa telepono sa ibat ibang wika at maaaring hingian ng payo katulad ng proseso sa imigrasyon, labor, medical care, panganganak, pagpapalaki ng anak, pangangalaga sa bata at edukasyon. Nagbibigay din ito ng tamang impormasyon at referral sa iba pang organisasyon.
Telephone: 080-3300-8077
Mula Lunes hanggang Biyernes (maliban sa holidays) 9:00~17:00

Ang ilang munisipyo ay tumatanggap ng pangkalahatang konsultasyon para sa mga dayuhan kabilang na ang konsultasyon sa edukasyon kaya't maaaring kumunsulta sa sariling wika.

2020 Edition
Mie Prefectural Board of Education
Elementary and Junior High School Division
059-224-2963

